Advisory Blg. 160, s. 2017
Hulyo 12, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

SEMINAR-WORKSYAP SA PERYODISMONG PANGKAMPUS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Seminar-Worksyap sa Peryodismong Pangkampus* na gaganapin mula Hulyo hanggang Disyembre 2017 sa mga piling lugar sa buong Pilipinas.

Ang mga layunin ng Seminar-Worksyap ay:

1. matiyak na mahusay at de kalidad ang paggamit ng wikang Filipino sa peryodismong pangkampus;
2. maiangat at mapayabong pa ang kaalaman ng mga estudyante sa peryodismong pangkampus gamit ang wikang Filipino; at
3. maipaunawa sa mga kalahok ang kahalagahan ng *journalism ethics* sa peryodismong pangkampus.

Ang inaanyayahang dumalo sa Seminar-Worksyap ay mga mag-aaral sa sekundarya at tersiyarya na nagsusulat sa *campus paper* ng iba't ibang paaralan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kay:

Gng. Minda Limbo
Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, Maynila
Telepono.: (02) 243-9789
Email: mindablanca314@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph.